

Ang Pinoy Phenomenon, Sa Bible at Iba Pa

Anicia del Corro

Abstract

Ang basic principle ng Pinoy Phenomenon ay tungkol sa paggamit ng pinakamadaling paraan para mai-communicate ang gustong sabihin. Dahil sa ating history, gagamit ito ng Tagalog at Ingles. Ang syntax ng Taglish ay Tagalog pero ang mga words ay galing sa Tagalog at Ingles.

Keywords: heterogeneous, parsimony, nativization, language shift, collective competence

1 Introduction: Ano ang Pinoy Phenomenon?

Makikita ito sa ganitong mga halimbawa:

Kawawa kayo, mga teachers ng Law at mga Pharisees! Mga plastik! Nilalakbay nyo ang mga dagat at ibang mga lupain

sa buong mundo para lang i-convert ang isang Gentile sa pagiging Jew. At pag nangyari yun, ginagawa nyo pa syang mas deserving pumunta sa impyerno kesa sa inyo. (Matthew 23:15)

Nung simula, nung crineate ng Diyos ang langit at ang lupa, walang anyo ang lupa at walang anumang may buhay dun. (Genesis 1:1–2a)

Lahat ng nagwo-worship sayo, matuwa at mag-celebrate! Yung mga natutuwang sinave mo sila, laging magsabing, “O Diyos, ang galing mo talaga!”

Mahirap ako at walang-wala, O Diyos ko, puntahan mo na ako! Ikaw ang nagse-save at tumutulong sa akin, please, Lord, bilisan mo na. (Psalm 70:4–5)

1.1 Taglish

Ang PINOY PHENOMENON ay isang event o pangyayari sa ating lipunan na naging dahilan para ma-develop ang Taglish, isang dialect o variety ng Tagalog. Sa field ng Bible translation ko in-apply ang nakita kong gamit o relevance ng Pinoy phenomenon dahil ang tanging objective nito ay mapadali ang pag-intindi sa nilalaman ng Bible. Sa field ng Bible translation nag-start ang pag-aaral ko ng Pinoy phenomenon, pero ang application ay malawak, hindi lang sa Bibliya. Pinagsasama ang Tagalog at English sa isang word, phrase, o sentence.

Ang PINOY VERSION ay isang version ng Bible na gumagamit ng heterogeneous language o mixed language.

1.2 Ano ang Dialect?

Ito ay isang variety o klase ng pananalitang gamit ng mga taong nagkakaintindihan. May mga katangian o features na sa dialect na ito lang makikita, gaya ng intonation o punto o paggamit ng mga sounds o tunog.

Sa Pinoy phenomenon, ang speaker ay pumipili ng pinakamadaling paraan para ma-express ang isang bagay. Dahil sa exposure ng mga Pilipino sa mga wikang Tagalog at English, nasa kanya kung alin ang gagamitin. Ang basis ay kung alin ang mas madali. Dahil dito, natural ang pag-shift sa Tagalog o English. Ang pinipili ay iyong madaling gamitin, madaling i-pronounce, at madaling i-recall. Taglish ang isa pang pangalan ng Pinoy dialect. Pwede ring gamitin ang Pinoy style o variety para sa Pinoy dialect.

2 Basic Principle: Parsimony

Sa basic principle na ito, hahanapin ng gumagamit ng wika, o ng speaker, na ma-achieve ang pinakamataas na level ng success sa communication habang gumagamit ng pinakakaunting effort. Kaya masasabing ang paraan ay simple lang, maikli, madaling maalala, at madaling i-pronounce. Significant na ang pagiging madali nito ay dahil sa ito ang ginagamit sa kasalukuyan.

2.1 Heterogeneous o Mixed Language

Tinatawag ang translation na ito na Pinoy Version. Ibinibigay sa ibaba ang John 14:1-2 na example ng heterogeneous language translation.

Sinabi ni Jesus sa mga disciples, “Wag kayong mag-worry, manalig kayo sa Diyos at sa akin. ² Maraming kwarto sa bahay ng Tatay ko. Mauuna ako dun para i-ready ang lugar nyo. Di ko to sasabihin kung hindi totoo. (John 14:1–2)

Hindi masyadong naiiba ang pagkakasabi sa pagkakasulat, kaya ang wikang ito ay madaling gamitin. Basta marunong nang magbasa ang isang bata, pwede na niyang maintindihan ang Bible.

Pero mahigpit nyang inutusan ang mga masamang espiritu na wag ipapaalam kahit kanino kung sino sya. (Mark 3:12)

Sabi ng mga taong kasama ni Jesus, “Nasa labas po ang nanay at mga kapatid nyo. Hinahanap po nila kayo.” (Mark 3:32)

2.2 Ang Dalawang Approach sa Pag-aaral ng Wika

DESCRIPTIVE ang approach kapag gustong palabasin ang mga katangian ng wika; isang tapat na observer ang nag-aanalyze. Ang gusto ng analyst ay i-describe ang pagkakagamit ng wika. Dahil ito ang approach na ginamit sa Ang Bible Pinoy Version, masasabing isa itong snapshot o picture ng umiiral na gamit ng mixed language o Taglish mula 2012 hanggang 2023.

Sa PRESCRIPTIVE approach, ang nag-aanalyze ay may intensyong ipasunod o i-prescribe ang gusto o preferred niyang mangyari sa pagkakagamit ng wika. May tao o mga taong nagde-decide kung paanong gagamitin ang wika. Dahil hindi common o pangkaraniwan ang mga katangian ng Pinoy Version, marami ang naninibago sa Pinoy Version.

Ang marami ay ayaw sa pagpapaikli ng mga salita dahil mas sunod ito sa madaling gamit ng wika, gaya ng *yon*, *kesa*, *nya*, *sya* sa halip ng *iyon*, *kaysa*, *niya*, at *siya*.

2.3 Native Language

Ang native language ng isang tao ay ang wika na kabisadong-kabisado niyang gamitin. Pinakamadali niyang nagagamit ito para ma-express nang mabuti ang gusto niyang sabihin. Madalas, ito ang gamit na wika noong time na lumalaki ang isang tao mula sa kaniyang pagkabata. Masasabing grammatical o tama ang pagkakabuo ng mga sentence sa native language ng isang tao. At may confidence ang isang native speaker na sabihing tama nga ang binuo niyang mga sentence dahil may competence o likas na kakayahan ang native speaker. Halimbawa ako, native speaker ako ng Kapampangan. Masasabi ko kung tama o hindi ang pagkakabuo o ang pronunciation ng isang Kapampangan word kasi nga, native speaker ako ng Kapampangan.

2.4 Nativization

Sa paggamit ng heterogeneous o mixed language, ang syntax na sinusunod ay Tagalog. At ang mga words na bumubuo sa sentence ay puwedeng Tagalog o English. Ang syntax o grammar ng Tagalog ay kitang-kita sa paggamit ng mga affix ng Tagalog. Marami nang mga English word ang ginagamit sa ating pakikipag-usap sa araw-araw. Ito ang madalas na dumadaan sa process na nativization, ang English word ay tinatratong Tagalog para magamit nang tama habang nagta-Tagalog ang speaker. Ang English ay naging parang Tagalog dahil ginamitan ng

mga Tagalog na affixes. Ang resulta, naging parang Tagalog ang English dahil dumaan sa process ng Tagalog affixation.

...tapos sinabi ng Diyos, mag-create tayo ng tao na kagaya natin. (Genesis 1:26)

...Binasa nila nang malinaw ang Kautusan ng Diyos at inexplain ito... (Nehemiah 8:8)

Pwede namang hindi mag-Taglish. Ipinapakita ito sa column sa right:

2 Timothy 3:17	MBB ¹	<i>ganap at handa</i>
Hebrew 9:11	MBB	<i>hindi ginawa ng mga tao</i>
Matthew 9:15	MBB	<i>habang kasama pa nila</i>
2 Corinthians 1:19	MBB	<i>ipinangaral</i>
2 Timothy 2:12	MBB	<i>itatakwil</i>
Mark 4:14	MBB	<i>inihatask</i>

Pero sa natural na paggamit ngayon ng language, pipiliin ng speaker iyong madali, maikli, at mabilis ang recall. Makikita ito sa mga Taglish na example:

2 Timothy 3:16	<i>reding-ready</i>	‘being ready’
Hebrew 9:11	<i>crineate</i>	‘created’
Matthew 9:15	<i>ine-expect</i>	‘is expecting’
2 Timothy 2:12	<i>idi-deny</i>	‘will deny’
Mark 4:14	<i>nagshe-share</i>	‘is sharing’

¹Magandang Balita Biblia

Sa Pinoy Bible, napaka-important ang pag-decide kung ano ang root word o salitang ugat. Nakakatulong sa pag-intindi ng heterogeneous word kapag nakahiwalay ang mixed word at nakikita ng reader. Nakikilala o nare-recognize agad ng bumabasa ang word at naa-associate agad ang meaning ng root word. Niri-retain ang original spelling ng English word dahil ito ang start ng recognition o pagkilala. Pagkatapos, susundin na ang rules sa inflection, kung aling bahagi ng root word ang uulitin o kung anong infix ang idadagdag.

Sa mga binigay na examples sa taas, madaling ma-recognize ang *ready*, *deny*, at *share*. Mare-recognize ng Tagalog speaker ang infix na *-in-* kasama ng reduplication ng unang syllable ng root word. Madaling ma-recognize ang root word na *preach* kapag hiniwalay ang infix na *-in-*. Ganoon din ang infix na *-in-* sa word na *crineate*.

3 Mga Dahilan Kung Bakit Ginawang Heterogeneous Ang Pinoy Bible

Ang unang reason: goal ng Pinoy Bible Society (PBS) ang magbasa ang bawat Pilipino ng Bible, pero kung mahirap ito basahin, hindi sila magbabasa. Kaya kailangan i-reflect ang mixed language o Taglish sa Bible na ginagamit nila para maging madali. Madali ang Taglish kasi ganito magsalita ang halos lahat ng mga Pilipino.

Ang pangalawang reason: wala pang existing translation na gumagamit ng ganitong style na shifting, na gamit ang Tagalog at English. Wala pang printed copy na ganito. Kaya, ibi-bridge ng Pinoy Bible ang gap na ito.

Ang mas mahalagang tanong ay bakit dalawang wika ang ginagamit?

3.1 Hindi na Purong Tagalog o Purong English

Ipinakita na sa mga naunang mga halimbawa na kapag nagsasalita ang mga Pilipino, ang madalas ay hindi na purong Tagalog o purong English. Mangyayari lang na purong English kung ang kausap ay o merong isa sa mga kausap na hindi nakakaintindi ng Tagalog, at purong Tagalog naman kung merong isa sa kausap na hindi nakakaintindi ng English.

Sa mixed language o Taglish, may natural na flow o daloy ang ating pagsasalita. Hindi na straight Tagalog o straight English. May parts ng sentence na mas magandang sabihin sa English, at ang iba naman ay mas magandang sabihin sa Tagalog. Kung hindi naiintindihan ang dahilan ng pag-switch sa dalawang wika, iisipin nga na magulo at walang maliwanag na rules sa pag-switch sa dalawang wikang Tagalog at English.

Hindi surprising na may tanong na lumabas sa quora.com: “Why do Filipinos switch randomly between English and Tagalog when they talk in serious situations (e.g., television interviews, business meetings)?”

Ang unang bahagi ng question na ito ay may mali. Ito ang salitang “randomly”. Kung “randomly” ang pagpili ng mga words, ibig sabihin, walang maliwanag na rules ang language. Pero ang wika ay laging maayos dahil may rules na sinusunod sa pagbuo ng salita, mga sentence, o mga paragraph. Ang kaayusan ng wika ay nakabase sa mga rules na bumubuo sa wika. Hindi madaling makita ang mga rules na ito kung walang kaalaman sa anyo ng wika kagaya ng linguistics.

Sa mga example na susunod, makikita na may dahilan kung bakit pinipili ang Taglish para gumamit ng mas madaling expression sa halip na isang construction sa English na mahirap para sa mga Pilipino. Galing

ang susunod na paragraph sa isang listahan ng prayer requests na ginamit sa aming prayer meeting.²

We pray that you, Lord, sustain the rest of the family and strengthen them, bind them with your Godly love (1) *para malagpasan nila prayerfully ang trial* (2) *na ito sa kanilang pamilya*.

Nagsimula ang sentence na ito sa English. Pero pagdating sa clause na may sign na (1), nag-shift sa Tagalog *para malagpasan nila prayerfully ang trial* at itinuloy sa Tagalog sa (2) *na ito sa kanilang pamilya*. Sa English, (1) ‘in order that they overcome’ + *prayerfully* + ‘this’ + *trial* + (2) ‘which is in their family.’ Dinagdag ang dependent clauses pero hindi ito sinabi sa English. May dagdag na kahirapan o complication kung gagamit ng dependent clause sa English, dahil pipili ng correct na relative pronoun sa (2). Alin ang pipiliin, “that is in their family” o “which is in their family”, kaya ang ginagawa ng taong nagsimula sa English, nagshi-shift siya sa Tagalog. Sa shifting, maingat ang pagpili kung ano ang gagamitin ng speaker, kung Tagalog o English. Ang description ko diyan, “well-calculated”, dahil ang result nito ay ang mas pinadaling pagsasalita ng speaker.

4 Ang History ng Pinoy Phenomenon

Nung panahon ng 1970s, hindi pinaghahalo ng isang speaker ang Tagalog at English at diretsong Tagalog o English ang salita ng mga tao, lalo na

²Ang lahat ng mga example na ginamit sa paper na ito ay mga ginamit ng mga Tagalog speaker sa isang conversation o sa kanilang pagsusulat at hindi lamang inimbento para sa paper na ito.

noong panahong bago mag-Martial Law kung saan Tagalog ang naging wika ng protesta at English ang gamit ng mga mas mataas sa lipunan. Sa pagtatapos ng 1990s at sa simula ng 2000s, dumami na ang mixing o paghahalo ng Tagalog at English.

4.1 Ang Diglossia

Ang DIGLOSSIA ay isang sitwasyon sa wika na naging bahagi na ng behavior sa lipunan ang pagpiling gumamit ng English, halimbawa, sa mga official function, sa opisina, o kaya sa mga programa sa schools. Pero sa bahay o mga informal na gawain, Tagalog ang gamit. Para itong hindi nakasulat na agreement ng mga tao. Kapag hindi na required ang English, Tagalog ang preferred na gamitin.

4.2 Ang Dalawang Language Shift

Unang Language Shift Sakop nito ang time na 1970–1990. Nag-shift ang gamit ng maraming Pilipino from English to Tagalog. 1972 noong nag-declare ng Martial Law sa Pilipinas. Malaki ang naging epekto nito sa political life ng mga mamamayan. Marami ang kaguluhan sa ibat-ibang bahagi ng Pilipinas. Ang wika identified sa mga namumuno ay English, habang ang wika ng protesta ay Tagalog.

Ikalawang Language Shift Ito ay buhat noong 1991–2005. Tinawid ng period na ito ang pagbukas ng new century, ang kinatakutan na Y2K o taong 2000. Wala namang nangyari, kaya naman nagbuhos ng maraming investment para sa mas malakas at makabagong framework

ang lahat ng gustong makipagsabayan sa change para sa mas mabilis na development.

Dito makikita ang mabilis na pagpasok at paggamit ng English na sumailalim sa nativization, na inexplain na sa Section 2.4.

4.3 Ang Simula ng Pinoy Dialect

Pinag-uusapan na at pinag-iisipan ng PBS ang tungkol sa mga pagbabagong nangyayari sa wika pero hindi pa maliwanag kung ano talaga ito, kaya nag-conduct ang PBS ng workshop noong 2007. Ang mga susunod na translated verses ang lumabas sa workshop. Ito ay mga salin ng mga participants sa workshop. Ang meron lang sila ay ang meaning sa English.

¹ Nung paalis na si Jesus sa *temple*, sabi ng isang *disciple* sa kanya, “Teacher tingnan nyo, ang lalaki ng mga batong ginamit, ang *astig* ng mga structures!” ² Pero sabi ni Jesus, “Kita mo ba ang mga *structures* na’to walang matitira ni isang bato dito. Isa-isa magbabagsakan.”

³ Umupo si Jesus sa tabi ng Mt. Olive tanaw ang temple, lumapit sila *Peter, James, John & Andrew* at nagtanong, “*Okay* lang po ba na sabihin nyo po sa amin kung kelan mangyayari ito at ano po ang mga *signs* na malapit na siyang mangyari.” (Mark 13:1–3)

⁹ “Mag-ingat kayo! At lilitisin kayo sa mga hukuman ng Jews at paparusahan sa mga *synagogue*. Ihaharap kayo sa mga pinuno at mga hari dahil sa akin, para maging *witness* ko para sa kanila. ¹⁰ Kailangang maiparating ang

Gospel sa lahat ng bansa. ¹¹ Pag nahuli kayo at ihaharap na sa paglilitis, wag kayong kabahan at matakot sa inyong sasabihin; ibibigay sa inyo ng Holy Spirit ang dapat ninyong sabihin. ¹² Ibe-*betray* ng kapatid ang kanyang kapatid para patayin, ganon din ang gagawin ng tatay sa kanyang mga anak. (Mark 13:9–12)

Ang mga verses na ito ngayon sa Pinoy Bible ay hindi eksaktong kagaya nito pero halos pareho. Ibig sabihin nito, ang heterogeneous or mixed language ay nasa kamalayan na ng mga Pilipino noon pang 2007.

4.4 Ang Native Speaker ng Pinoy Dialect

May criterion na ginagamit ang PBS kung sino ang pwedeng maging translator sa mga project nito. Ang isang laging kailangan ay ang pagiging native speaker nito ng target language. Hindi simple ang pag-decide nito pero ang unang kailangan ay may foundation siya sa paggamit ng Tagalog. Pero common ito sa mga Pilipino dahil alam ng 80% o higit pa ang Tagalog. Malaki ang exposure sa pag-aaral nito dahil naging required ang Filipino o Pilipino sa grade school at high school. Malaki din ang role ng Tagalog sa mass media at social media. Dahil dito, lalo na sa mga nakatira sa National Capital Region (NCR), madalas ang salita nila ay Pinoy dialect.

Isang magandang example ay ang inaanak ng isang linguist, rineport niya ang isang 7-year-old. Pinapa-describe ng teacher ang nasa picture na isang kite o saranggolang lumilipad. Ang sabi ng bata, “nagfa-fly ang kite”.³ Makikita na may built-in na grammar na sa ulo ng bata.

³Ako na ang nag-suggest sa pagsusulat na ganito, “nagfa-fly ang kite”.

Na-internalize na niya ang pagbuo ng mga sentence at ginamit niya ang Tagalog syntax. Hindi totoo na “walang malinaw na rules” ang Pinoy dialect.

5 Collective Competence?

Ang bawat tao ay may kakayahang matuto ng wika. Ang native language ng isang tao ay iyong natutunan niya sa kanyang paglaki. Ito ang naririnig nya na gamit ng nakapalibot sa kanya. Kung anong wika iyon ay depende sa mga salita o sentences na narinig niya noong lumalaki siya. Sa madaling salita, requirement o kailangan ma-expose ang isang tao sa linguistic data bago niya matutunan ang isang wika.

Tinanong ako, paano ko alam na Taglish iyon? Alam ko kasing ganiyan din magsalita ang ibang naririnig ko. Ang isang taong lumaki nga sa ganoong Taglish environment ay makapagsasabi kung ang ibang tao ay Taglish din ang salita. COMPETENCE ang tawag dito. Nakikilala niya kung tama o hindi ang mga sentence dahil kasama siyang lumaki sa paggamit ng wikang ito. Tinatawag itong COLLECTIVE COMPETENCE.

5.1 Ang Target Audience ng Pinoy Bible

Mga kabataan, 15–30 years old, ang target audience kasi bukas pa ang isip sa change o pagbabago kapag bata pa ang isang tao. Mas natural nilang tatanggapin ang change. Sa palagay ko, kapag nakitang ang pagkakagamit ng Pinoy dialect sa mga kabataan, mabilis na gagamitin ito sa NCR.

5.2 Pidgin ba ang Taglish?

Ang PIDGIN ay isang contact language na gamit ng dalawang groups na ang language ay magkaiba.

Halos sigurado akong pidgin muna ang Chabacano bago ito naging isang creole. Pidgin ang tawag sa nabuong wikang kumbinasyon ng mga wikang malaki ang pagkakaiba. Sa Chabacano, Spanish at isang Visayan language ang malamang na nagkaroon ng contact. Noong bago pa lang silang nagkaroon ng contact, pinilit ng mga taong magkaintindihan, siguro mga taong Bisaya ang salita, sa kanilang pakikipag-usap sa mga nagsasalita naman ng Spanish. Sa simula ng pidgin, masasabi pa kung alin ang galing sa Spanish at alin ang galing sa isang uri ng Bisaya. Pero kalaunan, dumating ang puntong masyado nang nag-mix ang dalawang wika kaya mahirap nang sabihin sa maraming salita nito kung alin ang maliwanag na Kastila at iyong maliwanag na Bisaya. Sa puntong ito, malapit nang maging CREOLE. Ito ang tawag sa bagong stage ng pidgin kapag merong nang mga native speakers na gumagamit ng dating pidgin. Ganito na ang Chabacano: meron nang mga native speakers na ito ang gamit na wika. Matatag na ang pagkakabuo ng wika, at kagaya na ito ng ibang wika gaya ng Tagalog o Ilocano.

Tungkol sa pagiging pidgin o creole ng Taglish, sa palagay ko, hindi pa pidgin ang Taglish ngayong 2023, pero iyan ang direksyon. Magandang i-analyze kung anong stage na ito habang pinagmamasdan ang mga pagbabago.

5.3 Mga Bagong Changes

Hangga't kaya, pipilitin ng mga gumagamit ng Taglish na gumamit ng maraming English. Tataas ang antas ng wika kung ganoon dahil prestigious language pa rin ang English, lalo na kung mare-retain ang tamang English pronunciation. Pero inevitable o hindi maiiwasang mas malalapit ang characteristics ng Taglish sa Tagalog sa halip na sa English. May mga signs na. Ang mga consonant clusters ay mahirap nang marinig. Ang huling mga consonant ng mga consonant cluster ay halos hindi na marinig, gaya ng *achieved*, sa pagsasalita maririnig lang ang [achieve] at hindi [achieved]; *kept* [kept]. Hindi na naririnig ang mga huling consonant na [d] at [t]. Kung malakas ang kampanya para ma-retain ang gamit ng English, mas tatagal ang tamang pronunciation. Mas matagal bago maging creole ang pidgin, o bago man maging pidgin.

5.4 Conio ba ang Taglish?

Naitanong na kung ang Taglish o Pinoy style ay pareho ng conio.

Hindi conio ang Taglish. Ang salitang CONIO ay isang vulgar na salita sa Kastila, na tumutukoy mismo sa female genitalia. Hindi nakakapagtaka dahil nagsimula ang konsepto sa isang klaseng ugnayan ng namumuno sa isang pamilya at ng mga naglilingkod. Isang klaseng relationship itong may hangaring i-establish o pagtibayin sa pagitan ng namumuno at naglilingkod gamit ang imoral na relationship. Hindi nakakapagtaka na tinawag itong conio. Isang variety ito ng pagsasalita na may halo ng English at Tagalog. Para itong tagpi-tagping pagsasama ng dalawang wika.

Please make ligpit of the plates. (Please clear out the plates.)

I don't like her because she is making gulo my life. (I don't like her because she is ruining my life.)

Makikita sa mga sentences na ito na ang verb ay hindi inflected para ipakita ang tense o voice, for example, *iligpit* o *manggulo*. Root word lang ang ginagamit sa conio, kaya masasabing hindi well-formed ang mga sentences na conio. Hindi fully developed ang conio kaya kailangan ang paggamit ng mga English words na hindi naman ini-inflect.

6 Intellectualization

Dati, English o Filipino ang madalas na gamit sa theoretical o intellectual na mga discussion. Pero ngayon, gamit na gamit ang Taglish o Pinoy variety sa mga academic forum, sa pagpapalitan ng mga ideas, opinion, kuru-kuro, at makabagong paraan ng analysis; 'di nga ba ito ay nai-raise na sa quora.com na nabanggit sa Section 3.I.

Syempre, hindi ako magtataka kung gugustuhing i-control ito ng mga gatekeepers o iyong mga naghaharing-uri na i-retain ang laging paggamit ng mataas na antas gaya ng English lang. Pero, hindi mako-control ang gamit at pagpapalaganap ng madali at maliwanag na communication na laging hinahanap ng mga taong nag-uusap.

6.1 Cooperative Principle

Sinasabi ng principle na ito na kapag gumagamit ng language, ang gusto ng tao ay laging may pagkakaintindihan at hindi para mag-confuse.

Darating ang time na aabot na ang mga words kung saan parehong gagamitin ang *promise* at *pramis*, *muscle* at *masel*, *filapan* at *fill-upan*, at

marami pang similar na mga example. Kaya kailangang maliwanag ang basehan ng mga pagpili kung aling form ang gagamitin, at ang ibang principles dito ay na-discuss na sa mga naunang mga part ng paper na ito.

6.2 Ang Future

Dahil sa nature ng topic ng paper na ito, marami pa ang puwedeng magbago at may iba't ibang paraan ng pag-aanalyze. Kailangan ang dalawa: ang science ng linguistics at ang Holy Spirit para mag-guide sa akin at sa mga linguists kung paano harapin ang future ng Pinoy language.

7 Piling Bibliography

- Bakker, Peter, & Matras, Yaron (Eds.). (2013). *Contact Languages: A Comprehensive Guide*. De Gruyter Mouton. <https://doi.org/10.1515/9781614513711>
- del Corro, Anicia. (2009). Linguistic Heterogeneity and Bible Translation: The Pinoy Version. *The Bible Translator*, 60(4), 201–214. <https://doi.org/10.1177/026009350906000402>
- del Corro, Anicia. (2015). Bible Translation Overtaken by Change. *The Bible Translator*, 66(3), 298–315. <https://doi.org/10.1177/2051677015608611>
- Grice, Paul. (1989). Logic and Conversation. In *Studies in the Way of Words* (pp. 22–40). Harvard University Press.

- Kirkpatrick, Andy, & Sussex, Roland (Eds.). (2012). *English as an International Language in Asia: Implications for Language Education*. Springer. <https://doi.org/10.1007/978-94-007-4578-0>
- Lee, Ricky. (1998). *Scriptwriting Manual*. Bagong Likha Publishing.
- O'Grady, William, Dobrovolsky, Michael, & Aronoff, Mark. (1997). *Contemporary Linguistics: An Introduction* (3rd ed.). St. Martin's Press.
- Salzmann, Zdenek, Stanlaw, James, & Adachi, Nobuko. (2007). *Language, Culture, and Society: An Introduction to Linguistic Anthropology* (5th ed.). Westview Press.